Australian Government

Job Services Australia
people • skills • jobs

Tulong para sa mga manggagawang kamakalian ay nawalan ng kanilang mga trabaho

Ikaw ay karapat-dapat na makakuha ng kagyat na access sa masinsinang mga serbisyong pantrabaho kung ikaw ay nawalan ng trabaho dahilan sa redundancy, retrenchment, pagbabawas ng mga tao o iba pang mga dahilan na maaaring isisi sa paghina ng negosyo.

Maaari ka ring makakuha ng mga serbisyong ito kung ipinagbigay-alam sa iyo na mawawalan ka ng trabaho at mayroon ng petsa ng terminasyon.

Ang inisyatiba para sa maagang access ay tatakbo sa loob ng dalawang taon at sakop ang lahat ng mga manggagawang mawawalan ng trabaho para sa mga kadahilanang nasa itaas sa pagitan ng 24 Pebrero 2009 at 31 Marso 2011. Magsisimula ang tulong sa unang araw ng Abril 2009.

Saan magsisimula

1. Kumuha ng sulat mula sa iyong tagapag-empleyo, Separation Certificate (Sertipiko ng Pagkahiwalay sa Trabaho) o ilan pang ibang mga dokumento bilang katibayan na ikaw ay nawalan ng trabaho para sa mga kadahilanang nasa itaas. Dalhin ito sa Centrelink.

Tatasahin ng Centrelink ang iyong pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyong pantrabaho at gagawa ng appointment para sa iyo sa kalapit na tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia (Mga Serbisyong Pantrabaho sa Australia) na iyong pinili.

2. Makipagkita sa iyong lokal na tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia

Detalyadong tatasahin ng iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia ang iyong kalagayan at makikipagtulungan sa iyo upang ikaw ay muling makapasok sa larangan ng trabaho sa lalong madaling panahon.

Tulong na maaari mong makuha

Ang iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia ay makikipagtulungan sa iyo na magpaunlad ng nababagay na Employment Pathway Plan (Plano para sa Pagkakaroon ng Trabaho) upang matulungan kang makahanap kaagad ng trabaho hanggat maaari. Maaaring kabilang dito ang:

- tulong sa paghahanda ng iyong résumé at mga aplikasyon sa trabaho, mga kasanayang pang-interbyu at mga paraan ng presentasyon
- payo ukol sa paghahanap ng trabaho, ibat ibang mga mapagpipiliian sa propesyon at mga programang pantrabaho
- impormasyon tungkol sa mga bakante sa trabaho at access sa mga pasilidad para sa paghahanap ng trabaho na ibinibigay ng Centrelink at mga tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia, kabilang ang JobSearch- **jobsearch.gov.au**, isa sa pinakamalaki at pinakapopular na mga internet site sa Australia na nauukol sa trabaho
- reperal at pagpupuwesto sa trabaho
- komprehensibong pagtatasa ng mga kasanayan
- pagpapaunlad ng mga kasanayan at pagsasanay na may kaugnayan sa mga pangangailangan ng lokal na pamilihang pantrabaho at mga natukoy na mga pagkakataon sa trabaho
- reperal sa mga pagkakataong nauukol sa edukasyon at pagsasanay o mga pagkakataon sa pagsasanay kabilang ang Productivity Places Program (Programa para sa may Pakinabang na mga Pagpupuwesto), ang Language, Literacy and Numeracy Program (Programa para sa Karunungang Bumasa, Sumulat at Bumilang), o ang Adult Migrant English Program (Programang Ingles para sa Migranteng May Sapat na Gulang)
- tulong upang makakuha ng mga lisensya, mga sertipiko at iba pang mga kwalipikasyon
- mga pagkakataon para sa karanasang pantrabaho.

Ang iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia ay makikipagpulong sa iyo nang regular upang repasuhin ang iyong Employment Pathway Plan. Magkakaroon din sila ng access sa Employment Pathway Fund, na maaaring gamitin para sa pagsasanay, kagamitan at mga tulong pantrabaho.

Productivity Places Program

Ikaw ay maaaring makakuha ng pagsasanay sa antas ng Certificate III at pataas, sa malawak na hanay ng mga industriya at trabaho kung saan may mga umiiral na mga pagkakataong pantrabaho.

Para sa karagdagang impormasyon kontakin ang iyong lokal na tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia o bisitahin ang **productivityplaces.deewr.gov.au**.

Labour Adjustment Packages

Ang Labour Adjustment Packages (Mga Pakete ng Pag-aakma ng Trabaho) ay maaaring makuha ng mga manggagawang naging redundant mula sa karapat-dapat na mga kompanya sa pagawaan ng sasakyan, o sa mga industriya ng tela, damit o sapatos.

2FS09446JSA/tagalog

Sa pamamagitan ng Automotive Industry Structural Adjustment Program (Programa ng Pang-istrukturang Pag-aakma sa Industriya ng Sasakyan) at ng Textile, Clothing and Footwear Structural Adjustment Program (Programa ng Pang-istrukturang Pag-aakma sa Industriya ng Tela, Damit at Sapatos) ang iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia ay maaaring magbigay sa iyo ng karagdagang suporta na kailangan mo upang makahanap ng ibang trabaho. Maaaring kabilang dito ang mga tulong sa pasahod, gastos sa paglipat o pagtatamo ng bagong mga kasanayan.

Tulong sa pangangasiwa ng iyong pananalapi

Ang Centrelink ay nagbibigay ng libre, walang-kinikilingang pagpapayo sa pananalapi tungkol sa iyong pakete ng redundancy at tulong mula sa Pamahalaan.

Pakitandaan: ang pagiging karapat-dapat para sa suporta sa kinikita ay magiging batay sa iyong personal na kalagayan, kabilang ang iyong kita at ari-arian. Kung ikaw ay karapat-dapat para sa suporta sa kinikita, maaaring hindi makakuha nito sa loob ng ilang panahon, batay sa mga kabayarang pangbakasyon o redundancy na ibinigay sa iyo.

Para sa karagdagang impormasyon tawagan ang Centrelink sa **13 24 90** o bisitahin ang **centrelink.gov.au**.

Special Child Care Benefit

Kung, dahilan sa iyong redundancy, ikaw ay nahihirapang matugunan ang mga gastos para sa child care, ikaw ay maaaring maging karapat-dapat para sa Special Child Care Benefit (Espesyal na Benepisyo para sa Pangangalaga ng Bata). Para sa karagdagang impormasyon kontakin ang Family Assistance Office sa **13 61 50**.

General Employee Entitlements and Redundancy Scheme

Kung ikaw ay nawalan ng trabaho dahilan sa nag-aplay ng pagiging bangkarote o likwidasyon ang iyong tagapag-empleyo, at walang sapat na pondo na maaaring magamit upang bayaran ang iyong di pa bayad na mga karapatan, ikaw ay maaaring makakuha ng access sa ilalim ng General Employee Entitlements and Redundancy Scheme (GEERS) (Panukala para sa Pangkalahatang mga Karapatan ng Empleyado at Redundancy).

Para sa karagdagang impormasyon tawagan ang GEERS Hotline sa **1300 135 040** o bisitahin ang **workplace.gov.au/geers**.

Securing Apprenticeships Program

Kung ikaw ay nag-aaprentis o nagsasanay na tinanggal sa trabaho, ang Securing Apprenticeships Program (Programa para sa Pagpapanatili ng Pag-aaprentis) ay maaaring makatulong sa iyo na manatiling konektado sa larangan ng paggawa upang makumpleto mo ang iyong pagsasanay.

Ang tulong sa pasahod ng Securing Apprenticeships ay maaaring makuha ng mga tagapag-empleyo, kabilang ang mga organisasyon ng panggrupong pagsasanay, na muling magpapasimula sa isang karapat-dapat na aprentis o nagsasanay.

Para sa karagdagang impormasyon tawagan ang linyang pang-reperal-ng Australian Apprenticeships sa **13 38 73** o bisitahin ang **australianapprenticeships.gov.au**.

Mga karapatang nauukol sa redundancy

Kung ikaw ay ginawang redundant at naniniwala ka na hindi ka nakatanggap ng mga karapatang nauukol sa iyo, kontakin ang Fair Work Australia.

Tutulungan ka ng Fair Work Australia na maibalik sa iyo ang iyong di pa nababayarang mga karapatan.

Maaari kang tumawag sa Linyang Pantulong ng Fair Work Australia sa **1300 724 200**.

Ang iyong mga pananagutan

Kung ikaw ay tumatanggap ng Newstart, Youth Allowance (Panustos para sa Kabataan) o Parenting Payment (Kabayaran para sa Pagiging Magulang) at may mga pangangailangan sa pakikilahok, kakailanganin mong maghanap ng trabaho at makilahok sa mga gawain na makatutulong sa iyong makahanap ng trabaho.

Isasaalang-alang ng iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia ang iyong personal na kalagayan at makikipagkasundo ukol sa angkop na mga gawain na isasama sa iyong Employment Pathway Plan.

Kung hindi ka maaaring makilahok sa mga mga gawain, dapat mo itong talakayin sa iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia. Kung ikaw ay mabigong maisakatuparan ang napagkasunduang mga gawain maaaring makaapekto ito sa iyong mga kabayarang pansuporta sa kinikita.

Ang iyong karapatan sa pagiging pribado

Ang iyong personal na impormasyon ay protektado ng *Batas sa Pagiging Pribado 1988 (Privacy Act 1988)* at ang impormasyon tungkol sa iyo ay maaari ding maging protektado ng *Batas ng Social Security (Pang-administrasyon) 1999 (Social Security (Administration) Act 1999)* (gaya halimbawa, kung ikaw ay tumatanggap ng suporta sa kita). Ang iyong impormasyon ay maaaring ibahagi sa pagitan ng mga tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia, ng Department of Education, Employment and Workplace Relations (DEEWR), Centrelink at iba pang mga kagawaran at kawanihan ng Pamahalaang Australia, na nagbibigay-daan upang ang mga organisasyon ay makapagbigay sa iyo sa pinakaangkop na mga serbisyo upang matugunan ang iyong mga pangangailangan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iyong pagiging pribado magtanong sa iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia, DEEWR o bisitahin ang **privacy.gov.au**.

Ang aming garantiya ng serbisyo para sa iyo

Garantiya ng Serbisyo

Ikaw ay patuloy na tatanggap ng personal na mga serbisyong pantrabaho na hatid ng iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia. Ang mga serbisyong ito ay naaangkop sa iyong mga kalagayan at pinagmulan. Upang makita ang lahat ng mga Garantiya ng Serbisyo bisitahin ang **deewr.gov.au/jobservicesaustralia**.

Mga Alituntunin ng Panunungkulan

Ang mga tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia ay kinontrata upang maghatid ng mga serbisyong pantrabaho na pinondohan ng Pamahalaang Australia at sumang-ayon at nakalaang tumupad sa Mga Alituntunin ng Panunungkulan ng mga Serbisyong Pantrabaho (Employment Services Code of Practice). Upang makita ang Mga Alituntunin ng Panunungkulan bisitahin ang **deewr.gov.au/jobservicesaustralia**.

Para sa karagdagang impormasyon

Tumawag sa 13 17 64 o bisitahin ang deewr.gov.au/jobservicesaustralia.

Tawagan ang Centrelink sa 13 28 50 o bisitahin ang centrelink.gov.au.

Para sa pagpapayo upang makayanan ang pagiging redundant, bisitahin ang Beyond Blue at beyondblue.org.au.